REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 88-01

KAPASIYAHAN NA NAGTATAKDA NG PAGKAKAROON NG REGULAR NA PULONG ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA GAGANAPIN TUWING ARAW NG LUNES NG BAWAT BUWAN.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang regular na pagpupulong ay dapat ganapin tuwing Lunes o apat na ulit sa isang buwan;

SAPAGKAT, ang regular na pagpupulong ng mga kagawad ng Sangguniang ay dapat na ganapin sa isang tiyak na araw;

SAPAGKAT, ang mga pagpupulong ng Sangguniang Bayan ay dapat maging bukas sa madla;

SAPAGKAT, upang makapagpasiya sa anumang gawain, kailangang nakaharap ang nakararami sa mga kagawad;

SAPAGKAT, ang lahat ng mga Kautusang Bayan, Kapasiyahan o Mosyon na ihaharap sa Sangguniang ng bawat kagawad ay dapat bigyan ng pantay na pagkakataong maipaliwanag at malaman ang pagkatig o pagtutol sa mga ito sa mga regular na pagpupulong na gaganapin;

SAPAGKAT, kinakailangan ang Katitikan at tala ng mga gawain ng mga inilikhang komite sa sanggunian at ang paglalahad ng mga ito;

SAPAGKAT, madaling maisasaayos at maipapatupad ang mga bagay para sa kabutihan ng bayan kung mayroong regular na pag-uusap o pagpupulong dito.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magkaroon ng regular na pulong ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na gaganapin tuwing araw ng Lunes ng bawat buwan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA NG LAHAT NG KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang-unang pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika 8 ng Pebrero, 1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO :

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Puneng Bayan/Pangulong
Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Pansamantalang Kalihim
Bayan